

1. Patnubay ukol sa Year-End at New Year

Ang pamahalaang lungsod ng Tochigi ay holiday mula ika-29 ng Disyembre hanggang ika-4 ng Enero ng susunod na taon. Ito ay ang pangunahing tanggapan ng munisipiyo pati na rin ang mga ibat't ibang maliliit na sangay nito.

Bilang karagdagan, ang pagkuha ng mga sertipiko sa mga convenience stores sa nasabing pagkakataon ay hindi rin maisasakatuparan. Ang Tochigi International Community ay sarado rin sa parehong dyurasyon kaya hinihingi nila ang inyong pang-unawa. Ang koleksyon ng basura ay gagawin ayon pa rin sa nakasaad sa kalendaryo ng eskedyul ng koleksyon. Walang koleksyon ng basura mula New Year's Day hanggang sa ika-3 araw ng Enero. Huwag mag-iwan ng basura sa mga nasabing araw sa inyong mga garbage collection stations.

2. Pag-iingat sa Influenza o Trangkaso

Ang Influenza kung ihahambing sa karaniwang sipon ay nagdudulot ng may mas matinding sintomas sa katawan na kung ito ay lumala ay may mga pagkakataong mapunta sa bronchitis o pneumonia.

Ang bawa't isa sa atin ay dapat maingat upang maiiwasan ang pagkakaroon at pagkalat ng sakit. Ilan sa mga preventive measures ay ang paghugas ng kamay, pagsuot ng facemasks at ang tamang etiquette kung uubo.

Dahil sa posibilidad na sabay kumalat ang influenza at ang COVID 19 ay kailangan ang ibayong pag-iingat. Ang pagpapabakuna sa Influenza o ng COVID 19 ay maaring igawad pagkatapos ng dalawang linggo ng alin man sa isa vaccination na ito. Kung inaakala na nagkaroon ng Influenza ay huwag ng pilitin pa na pumasok sa trabaho o sa eskwela. Makipagkita kaagad sa doctor sa pinupuntahang pagamutan kung nagkaroon na ng lagnat upang mabigyan ng kaukulang lunas.

3. Tungkol sa Pagpapabakuna sa COVID 19

Ang pagpapabakuna sa COVID 19 dito sa Tochigi City ay matatapos na sa ika-26 ng Nobyembre. Sa mga hindi pa nagkaroon at gustong magpapabakuna ng una at pangalawang dosis ng COVID 19 ay dapat makipag-ugnayan sa mga pagamutan na maaring direktang magbigay ng nasabing bakuna. Sa kasalukuyan, ang mga sumusunod na pagamutan ay maaring puntahan upang magpapabakuna sa COVID 19. Ito ay ang Eguchi Internal Medicine Clinic, ang Yokoyama Internal Medicine and Pediatrics Clinic, Ang Fujinuma Clinic at ang Kassemba Clinic. Ang Yokoyama Internal Medicine and Pediatrics Clinic ay tumatanggap ng reservation online.

Ang lungsod ay magpapadala ng vaccination coupon para sa ikatlong pagpapabakuna sa COVID 19. Ang ikatlong pagpapabakuna ay isasagawa pagkatapos na naman ng mga pangunahing health workers o front liners. Maaari ng bakunahan matapos ang walong buwan ng pangalawang dose ng COVID 19 vaccination. Hintayin na lang ang pagpapadala ng gabay sa pangatlong pagpapabakuna kung malapit na ang panahon para dito.

4. Tungkol sa Winter Illumination

Mula sa unang araw ng Disyembre hanggang sa ika-10 ng Enero ng susunod na taon ay mapagmamasdan ang marilag na illumination na kung tawagin ay “Pageant of Light and Sound” mula sa east exit ng Tobu ShinOhirashita Station hanggang sa paligid ng pamilihan ng Platz Ohira. Ito ay iilawan mula alas 5:00 ng hapon hanggang alas 10:00 ng gabi.

Sa taon din na ito ay dapat panatilihin ang Social Distancing kung pinagmamasdan at ine-enjoy ang illumination. Ganundin sa kalagitnaan ng lungsod sa may Uzuma river ay mapagmamasdan din ang Uzumagawa Bamboo Lightning hanggang ika-28 ng Pebrero ng 2022. Ito ay ginawa sa pamamagitan ng paglagay ng butas sa mga kawayan na may mga disenyo upang ipasok ang mga bombilya upang ilawan ang may kabuoang 80 bilang nito. Nilikha ito ng mga mag-aaral ng Tochigi Technical HighSchool at mga bankero ng sightseeing boats ng Uzuma River. Ito ay iilawan mula alas 4:30 ng hapon hanggang alas 10:00 ng gabi.

Ienjoy natin ang Winter Night Sky habang pinagmamasdan ang ang kamangha-manghang ilaw sa loob ng mga kawayan.